Pangalan: ___________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: _______________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Paggamit ng Pangkalahatang Sanggunian

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ito ang karaniwang ginagamit kung ibig malaman ang kahulugan ng isang salita, tamang baybay, at kinabibilangang bahagi ng pananalita. Karaniwang nakaayos ito nang paalpabeto.
   a. Almanac b. Atlas c. Diksiyonaryo d. Encyclopedia
2. Ito ang pangkat ng mga aklat na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga bagay-bagay. Karaniwang nakaayos ito nang paalpabeto.
   a. Almanac b. Atlas c. Encyclopedia d. Mapa
3. Ito ay naglalaman ng taunang mahahalagang pangyayari sa iba't ibang bahagi ng mundo at iba't ibang paksa gaya ng palakasan, negosyo, populasyon, imbensiyon, at iba pang katulad nito.
   a. Almanac b. Atlas c. Encyclopedia d. Mapa
4. Ito ay naglalaman ng impormasyon hinggil sa heograpiya tulad ng mapa at kontinente ng mundo.
   a. Almanac b. Atlas c. Encyclopedia d. Mapa
5. Ito ang ginagamit na sanggunian ng mahahalagang pangyayari sa daigdig sa mga nakalipas na taon.
   a. Almanac b. Atlas c. Encyclopedia d. Mapa

**II. Panuto:** Tukuyin ang maaaring gamiting sanggunian para sa kailangang impormasyon. Isulat ang tamang sagot sa ikalawang hanay.

| Mga Pahayag | Sanggunian |
|---|---|
| 1. Mahahanap sa sangguniang ito ang kahulugan at baybay ng mga salita. | |
| 2. Maaaring mabasa rito ang iba't ibang paglalarawan sa mundo o heograpiya. | |
| 3. Mababasa rito ang mahahalagang pangyayari sa isang lugar. | |
| 4. Makikita rito ang populasyon ng mga bansa. | |
| 5. Makikita rito ang etimolohiya o pinagmulan ng salita. | |